Binagong Edisyon **6**

GOP - Textbook Funds

# YAMAN NG PILIPINAS

## BATAYANG AKLAT

## HEOGRAPIYA, KASAYSAYAN, AT SIBIKA 6





***Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas***


***May-akda***
Marites B. Cruz
Julia T. Gorobat
Norma C. Avelino

***Editor***
Florencia C. Domingo, PhD



**PAG-AARI NG PAMAHALAAN**
**HINDI IPINAGBIBILI**
**INILAAN PARA SA**

Distrito/Paaralan: ____________________
Dibisyon: ____________________
Unang Taon ng Paggamit: ____________________
Pinagkunan ng Pondo (pati taon): ____________________

**Yaman ng Pilipinas 6**
**Batayang Aklat sa Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika 6**

**Binagong Edisyon 2010**
Muling Limbag 2014

ISBN: 978-971-0421-30-5
Karapatang-Ari © 2007
EdCrisch International, Inc.

Ang aklat na ito ay pag-aari ng **EdCrisch International, Inc.** at alin mang bahagi nito ay hindi maaaring ilathala sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot ng tagapaglathala.

Inilimbag ng:

**EdCrisch International, Inc.**
5059 Filmore St., Cor. Arellano St.,
Palanan, Makati City
Tel. No. (02) 407-5953; 834-1334
email: info@edcrisch.com

# PAUNANG SALITA

Ang batayang aklat na ito, *Yaman ng Pilipinas 6*, ay inihanda para sa mga batang mag-aaral ng Heograpiya, Kasaysayan at Sibika sa Ikaanim na Baitang.

Ang aklat ay binubuo ng limang yunit na may iba't ibang aralin para sa paglinang ng mga kasanayang itinakda ng 2002 Basic Education Curriculum.

Sa Unang Yunit ng aklat ay matatanto ang kahalagahan ng populasyon, kalusugan, at edukasyon, ang pagkilala sa tao bilang pinakamahalagang yaman ng bansa, at masusuri ang mga bumubuo sa sambayanang Pilipino. Matatalakay rin ang tungkol sa mga pagpapahalaga at paniniwala ng mga Pilipino.

Mapag-aalaman sa Ikalawang Yunit ang heograpiya ng Pilipinas, ang kahalagahan ng teritoryo at lokasyon ng bansa, gayundin ang wastong pangangalaga sa kalikasan at mga likas na yamang biyaya ng Maykapal. Mapahahalagahan ang matalinong pagpapasya sa paggamit at pagtulong sa pangangalaga ng likas na yaman.

Sa Ikatlong Yunit ay matatalakay ang pag-unlad ng pamahalaan ng bansa at mamamayang Pilipino sa iba't ibang panahon at ang mga uri ng pamahalaan sa iba't ibang bahagi ng daigdig, ang mahahalagang katangian ng bansang demokratiko, sistemang pampulitika ng Pilipinas, at kahalagahan ng pamahalaan sa isang bansa. Higit ding mauunawaan ang halaga ng mga karapatan at kalayaan upang mapangalagaan ang mga ito.

Makikilala nang lubusan ang dalawang uri ng soberanya ng ating bansa sa Ikaapat na Yunit. Mababatid din ang mga karapatang tinatamasa ng Pilipinas bilang malayang bansa at ang mga pagtatanggol ng mga makabayang Pilipino laban sa mga dayuhang mananakop. Sa yunit ding ito ay mapag-aaralan ang pakikipag-ugnayan ng bansang maunlad at papaunlad gayun din ang mga samahang pangrehiyon at pandaigdig.

Sa Ikalimang Yunit ay masusuri ang pagsisikap ng pamahalaan at mamamayan upang mapatatag ang ating bansa. Malalaman dito ang mga paraan ng pagiging produktibo, pagpapaunlad at pangangalaga sa sarili, wastong paggamit ng mga kalakal o serbisyo, pagtitipid ng enerhiya, at paglutas sa pambansang suliranin na makatutulong sa pagpapaunlad ng ating bansa ayon sa taglay na kakayahan.

Mga May-akda

# Nilalaman


## YUNIT I PILIPINO SA PAGSIBOL NG BANSA

Kabanata 1 Populasyon ng Bansa

Aralin 1 Katangian ng Populasyon: Malusog at Matalinong Mamamayan ........ 2
Aralin 2 Populasyon ng Pilipinas ........ 5
Aralin 3 Distribusyon at Kapal ng Populasyong Urban at Rural ........ 11
Aralin 4 Pandarayuhan ........ 15

Kabanata 2 Mga Pilipino na Bumubuo sa Bansa

Aralin 5 Pagka-Pilipino ........ 21
Aralin 6 Iba't Ibang Pangkat Etniko ........ 24

Kabanata 3 Pagtataguyod ng Tao sa Bansa

Aralin 7 Pagsasaalang- alang sa Kalusugan at Edukasyon .... 32
Aralin 8 Pagpapahalaga at Paniniwala ........ 36
Aralin 9 Mga Tradisyunal na Pagpapahalaga at Paniniwala....39

## YUNIT II ANG HEOGRAPIYA NG PILIPINAS

Kabanata 4 Teritoryo ng Bansa

Aralin 10 Hangganan at Lawak ........ 43
Aralin 11 Ang Lokasyon ng Pilipinas ........ 49

Kabanata 5 Topograpiya at mga Biyayang Yaman ng Kapuluan

Aralin 12 Ang Topograpiya at mga Likas na Yaman ng Pilipinas ........ 52
Aralin 13 Mga Likas na Yaman Ayon sa Uri ........ 57
Aralin 14 Matalinong Paggamit ng mga Likas na Yaman .......... 62

Kabanata 6 Pangangalaga sa Teritoryo at mga Likas na Yaman

Aralin 15 Mga Suliraning Pangkabuhayan ........ 66
Aralin 16 Mga Paraan ng Pangangalaga sa Teritoryo at mga Likas na Yaman Nito ........ 70

## YUNIT III ANG PAMAHALAAN AT ANG MAMAMAYANG PILIPINO

Kabanata 7 Ang Pamahalaan ng Pilipinas
Aralin 17 Ang Pamahalaan at Layunin sa Pagtatatag Nito ....... 76
Aralin 18 Mga Uri ng Pamahalaan ........................................... 83
Aralin 19 Mga Katangian ng Bansang Demokratiko ................ 88
Aralin 20 Sistemang Pampamahalaan ng Pilipinas ................. 91
Aralin 21 Kahalagahan ng Pamahalaan .................................. .96

Kabanata 8 Ang Mamamayang Pilipino
Aralin 22 Ang Mamamayan ng Pilipinas .................................. 99
Aralin 23 Ang Karapatan at Kalayaan ng mga Mamamayang Pilipino ................................ 104
Aralin 24 Mga Tungkulin o Pananagutan ng Mamamayang Pilipino ........................................ 111
Aralin 25 Paraang Nakatutulong sa Pangangalaga ng mga Karapatan .................................................. 115
Aralin 26 Mga Pangyayaring Nakahahadlang sa Pagtatamasa ng mga Karapatan ....................... 119
Aralin 27 Kahalagahan ng Pagtatamasa ng mga Kalayaan at Karapatan ng Tao ................... 124

## YUNIT IV PAGPAPAHALAGA SA KALAYAAN AT SOBERANYA NG PILIPINAS

Kabanata 9 Ang Soberanya ng Bansa
Aralin 28 Ang Kahalagahan ng Panloob at Panlabas na Soberanya ng Pilipinas ...................................... 127
Aralin 29 Mga Karapatang Tinatamasa ng Pilipinas .............. 132
Aralin 30 Pagbawi ng Kalayaan mula sa mga Espanyol ......... 136
Aralin 31 Pagkamit ng Kalayaan mula sa Amerikano ............. 142
Aralin 32 Pagtatanggol sa mga Hangganan at Teritoryo ng Bansa .............................................. 147

Kabanata 10 Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Iba't Ibang Bansa
Aralin 33 Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Ibang Bansa sa Iba't Ibang Panahon .......................................... 150
Aralin 34 Kalagayan ng Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa mga Bansang Maunlad at Papaunlad ................. 154
Aralin 35 Kontribusyon ng Pilipinas sa mga Samahang Panrehiyon at Pandaigdig ...................................... 158

Aralin 36 Mga Kabutihang Dulot sa Pilipinas ng Pagsapi sa mga Samahang Panrehiyon at Pandaigdig ........ 162

## YUNIT V PAGSISIKAP NG MAMAMAYAN AT PAMAHALAAN SA PAGPAPATATAG NG BANSA

### Kabanata 11 Paraan ng Pagtataguyod sa Kaunlaran ng Bansa

Aralin 37 Mga Palatandaan ng Kaunlaran .............................. 165
Aralin 38 Katangian ng Isang Maunlad na Bansa ................... 169

### Kabanata 12 Paraan ng Pagpapabuti ng Edukasyon

Aralin 39 Mga Patakaran at Programang Pangkabuhayan ng Pamahalaan ..................................................... 174
Aralin 40 Mga Paraan para sa Pagpapabuti ng Edukasyon ... 178
Aralin 41 Mga Paraan ng Pagpapaunlad ng Agham at Teknolohiya ............................................................ 182

### Kabanata 13 Pagiging Produktibo

Aralin 42 Kahulugan ng Pagiging Produktibo ......................... 186
Aralin 43 Pagiging Produktibo ng Tao .................................. 191
Aralin 44 Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan .......................... 195
Aralin 45 Katangian ng Taong may Tamang Saloobin sa Paggawa ........................................... 199
Aralin 46 Pangangalaga sa Sarili .......................................... 202
Aralin 47 Katangian ng Matalinong Mamimili ......................... 205
Aralin 48 Paraan ng Wastong Paggamit ng mga Kalakal at Paglilingkod ............................... 208
Aralin 49 Pagtangkilik sa Sariling Produkto ........................... 212
Aralin 50 Muling Paggamit ng Bagay na Patapon Na ............. 215
Aralin 51 Enerhiya: Salik ng Kaunlaran ................................ 219
Aralin 52 Pagpapanatili at Pagpapaunlad sa Kultura ng Bansa ............................................... 222
Aralin 53 Paglutas ng mga Pambansang Suliranin ................ 224
Aralin 54 Mga Proyekto sa Paglutas ng Pambansang Suliranin ...................................... 228

Talahuluganan ........................................................................ 231

Talasanggunian ...................................................................... 233

# YUNIT IV
# PAGPAPAHALAGA SA KALAYAAN AT SOBERANYA NG PILIPINAS

## Kabanata 9 Ang Soberanya ng Bansa

### Aralin 28 Ang Kahalagahan ng Panloob at Panlabas na Soberanya ng Pilipinas

**Magsimula ka**

Napagmasdan mo bang mabuti ang simbolo ng kalayaan ng bansang Pilipinas? Nakikita rito ang tatlong panahon ng kasaysayan ng Pilipinas.




Ang leon ay naglalarawan ng impluwensya ng Spain sa atin. Ang agilang nakabuka ang pakpak ay nagpapakita ng impluwensya sa atin ng United States o mga Amerikano. Ang simbolo ng ating hangaring maging malaya ay inilalarawan ng araw sa gitna. Ang tatlong bituin ang sumasagisag sa Luzon, Visayas, at Mindanao. Ang mga salitang "Republika ng Pilipinas" ay nakikita sa ibaba. Ito ay nangangahulugang ang Pilipinas ay mayroong kalayaan at soberanya o kapangyarihan na iginagalang ng ibang bansa.

Alam mo bang isang malayang bansa lamang ang maaaring magtaglay ng soberanya? Ang Pilipinas ay isang malayang bansa. Ang pagiging malaya nito ay naging daan upang tayo'y kilalaning kapantay ng ibang bansa kaya't dapat nating pasalamatan ang mga bayaning nagbuwis ng buhay upang makamit natin ang ganap na kalayaan.

**Alamin mo**

## Kahulugan at Uri ng Soberanya

Ang soberanya ay ang pagkakaroon ng isang bansa ng kapangyarihang makapagsarili at pamahalaan ang buo nitong nasasakupan.

Kinilala ng United States of America ang soberanya ng Pilipinas noong ika-4 ng Hulyo 1946, samantalang tayong mga Pilipino ay kumilala sa ating kalayaan noong Hunyo 12, 1898.

Dalawa ang uri ng soberanya: panloob at panlabas. Ang soberanyang panloob ay ang kapangyarihan ng bansang mamuno at magpatupad ng batas sa lahat ng nasasakupan nito. Ang soberanyang panlabas naman ay ang kapangyarihan ng isang bansang maging malaya sa pakikialam ng ibang bansa.

## Mga Katangian ng Soberanya

Ang soberanya ay magpapatuloy hanggang malaya ang Pilipinas. Ito ay walang taning na panahon.

Ang soberanya ng isang bansa ay hindi maaaring angkinin o isalin sa iba pang bansa.

Ang lahat ng pag-aari ng bansa ay saklaw ng soberanya. Ang mga mamamayan nito nasa teritoryo man o nasa ibang bansa ay nasa kapangyarihan ng pamahalaan.

Walang sinumang dayuhang bansa ang maaaring magbigay ng hangganan o limitasyon sa kapangyarihan ng isang bansa sa nasasakupan nito. Ang soberanya ng bansa ay nangangahulugan ng lubos na kapangyarihan.

## Ang Kahalagahan ng Panloob at Panlabas na Soberanya

Napahahalagahan natin ang ating soberanyang panloob sa pamamagitan ng epektibong pamumuno ng pamahalaan sa nasasakupan. Ang kapangyarihang pampamahalaan ay nasa mamamayan dahil sila ang may karapatang pumili ng mga mamumuno sa bansa. Para sa kapakanan ng sambayanang Pilipino, ang mga pinuno ay nagpapatupad ng mga batas na sinusunod naman ng mamamayan. Ang halimbawa nito ay ang batas trapiko na ipinapatupad upang maging maayos ang daloy ng trapiko at maiwasan ang mga aksidente. Ikalawa ay ang pagkakaroon ng Armed Forces of the Philippines para mapanatili ang kalayaan at soberanya ng bansa.


*Hukbong Pandagat*



*Hukbong Katihan*


*Hukbong Panghimpapawid*


*Hukbong Sanayan*

Ang bansa ay may karapatang magkaroon ng ari-arian tulad ng lupain, gusaling pambayan gaya ng Post Office, mga paaralan, National Museum, Batasan, o Kongreso, mga palengke, at marami pang iba. Kasama na rin ang mga tanggapan ng mga kinatawang pangdiplomatiko sa iba't ibang bansa.

Napapanatili natin ang ating panlabas na soberanya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ibang bansa tulad ng Indonesia, Singapore, China, Malaysia, India, Japan, Canada, United States, at marami pang iba. Nakikipagkalakalan tayo sa iba't ibang bansa at nakikisapi sa mga pandaigdig at panrehiyong samahan upang mapadali ang pag-angat ng ekonomiya ng bansa.

Ang pamahalaan ng ating estado ay kinikilala ng napakaraming mga estado at mga bansa kaya napangangalagaan natin ang ating kalayaan at soberanya. Ang iba pang bansang malaya ay nagmamalasakit din sa ating bansa dahil batid nila ang paghihirap nating makamtan ang kapangyarihang ito. Walang kapangyarihan ang ibang bansa na ipilit sa Pilipinas ang kanyang patakaran. Lahat ng malalayang bansa ay pantay-pantay ayon sa United Nations. May isang Pilipinong nahalal na Secretary General ng UN, siya ay si Heneral Carlos P. Romulo.

## Isagawa mo

Piliin sa B ang nararapat na sagot para sa A. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

A

1. Tataglaying kapangyarihan habang ang bansa ay nananatiling malaya
2. Isang Pilipino na naging *Secretary General* ng United Nations
3. Kapangyarihan ng estado na pangasiwaan ang sariling gawain at pamahalaan ang nasasakupan
4. Kapangyarihan ng bansa na mapanatili ang ugnayang pandiplomatiko o pangkalakalan
5. Sinasaklaw ng panloob na soberanya

B

a. soberanyang panloob
b. soberanya
c. Hen. Antonio Luna
d. mga mamamayan, ari-arian, at teritoryo nito
e. soberanyang panlabas
f. kalayaan
g. Hen. Carlos P. Romulo
h. tubig, lupa, at himpapawid

## Bigyang pansin at suriin

- Ang kahalagahan ng panloob na soberanya:

  1. May namumuno sa mamamayan, ari-arian, at teritoryo
  2. Nakapag-aari ng mga lupain, gusaling pambayan, at tanggapan sa nasasakupan nito

- Ang isang bansang malaya ay may soberanya.

- Ang kahalagahan ng soberanyang panlabas:

  1. Nakapagsasarili
  2. May karapatan at mga pribilehiyo sa ilalim ng pandaigdig na mga batas
  3. Nakikipag-ugnayan sa ibang bansa

- Mga katangian ng bansang may soberanya:

    1. Ang soberanya ay walang taning na panahon.
    2. Hindi ito pwedeng angkinin ng iba.
    3. Lahat ng ari-arian, mamamayan, at teritoryo ay saklaw ng soberanya.
    4. Lubos ang kapangyarihan o soberanya ng isang malayang bansa.

## Subukan mo

1. Ipaliwanag ang kahalagahan ng panloob na soberanya ng bansa.
2. Isalaysay ang kahalagahan ng panlabas na soberanya ng bansa.

## Kaya mo ito!

Bumuo ng isang pangkat kasama ang dalawang kamag-aral. Pag-usapan ninyo ang mga katangian ng bansang malaya at may soberanya. Magbigay ng konklusyon tungkol dito.

Punan ang sumusunod na *chart* bilang gabay para sa gawain. Gawing kapaki-pakinabang ito. Isulat ang mga kasagutan sa sagutang papel.

| Karapatan ng Bansa | Bansang Malaya |
|---|---|
| 1. Pagsasarili sa pamamahala<br><br>2. Pakikipag-ugnayan sa ibang bansa | |

# Aralin 29 Mga Karapatang Tinatamasa ng Pilipinas

## Magsimula ka

Maging masaya ka dahil isinilang ka sa panahong malaya na ang Pilipinas. May soberanya na ito at iginagalang ng lahat ng bansang malaya.

Dahil sa pagiging malaya ng ating bansa natamo nito ang mga karapatan at kalayaang hindi nito natamasa nang ang Pilipinas ay nasa ilalim pa ng pamamahala ng bansang Spain, United States, at Japan.



*Dahil ang Pilipinas ay isang bansang malaya, mayroon tayong mga karapatang tinatamasa.*

## Alamin mo

### Mga Karapatang Tinamo ng Pilipinas

#### Karapatang Mamahala sa Mamamayan

Ang ating bansa ay may karapatang mamahala sa buong kapuluan, sa mga mamamayan, at mga ari-arian nito. Dahil dito, pinapangalagaan ng ating bansa ang mga pulo, himpapawid, at iba pang teritoryo at mga hangganan nito upang hindi makapasok ang mga ilegal na dayuhan. Kasabay ng pamamahala ay mayroong mga batas na itinalaga ang bansa upang maging patnubay sa makatarungang pagkilos ng pamamahala at nasasakupan.

#### Karapatang Makapagsarili

Ang pagiging malaya mula sa pakikialam ng ibang bansa ay karapatan ng Pilipinas. Halimbawa, may problema ang pamahalaan sa pagpapasuko sa mga rebelde na nasa kabundukan ng iba't ibang panig ng bansa. Karapatan ng bansang lutasin ito nang hindi pinakikialaman ng alinmang bansa.

#### Karapatang Mag-angkin ng Ari-arian

Sa pamamagitan ng pamahalaan nito, karapatan ng Pilipinas na bilhin sa makatarungang halaga ang anumang ari-arian kung gagamitin ito sa kapakanang pampubliko tulad ng pagpapagawa ng tulay, kalsada, daan, gusaling pambayan, mga embahada, at mga kampo ng sandatahang lakas.



*Ang mga tulay, kalsada, daungan, at mga lansangan ay ipinagawa ng pamahalaan para sa kapakanang pampubliko.*

Ang mga paliparan, daungan ng mga barko, mga daan, lagusan, at piyer ay ilan sa mga pag-aari ng pamahalaan na inilalaan para gamitin ng publiko.

### Karapatan sa Pantay na Pagkilala

Karapatan ng Pilipinas na makamit ang pantay na pagkilala ng United Nations. Ang ating bansa ay may mga karapatan at mga tungkulin na binibigay at tinatamasa rin ng mga malalayang bansa, maliit man o malaki, mahirap, o mayaman. Tulad ng ibang bansa, tayo ay mayroon ding kinatawan sa UN na nagbibigay pasya sa mahahalagang isyung nilulutas ng pandaigdig na samahan.

### Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan

Nakasaad sa Saligang Batas ng Pilipinas na sa panahon ng panganib, ang lahat ng mamamayan nito ay maaaring atasan ng batas na magkaloob ng personal na paglilingkod militar o sibil. Ito ay bahagi ng karapatan ng bansa upang maipagtanggol ang kalayaan nito.

Pinangangalagaan ng Pilipinas ang kanyang karagatan sa pamamagitan ng Philippine Navy at ang himpapawid ng bansa sa pamamagitan ng Philippine Air Force upang maprotektahan ang teritoryo nito. Ang Philippine Army ay may tungkuling magmasid at mangalaga sa mga teritoryong panlupa ng bansa. Sinanay silang makipaglaban sa sinumang magtatangkang guluhin ang pamahalaan. Sa panahon ng kapayapaan ay nakikipagtulungan sila sa mga gawaing pangkaunlaran ng bansa.



*Ang mga alagad ng batas ang inaasahan ng bansa sa pagsugpo sa masasamang loob.*

Ang Philippine National Police ang nangangalaga sa katahimikan at kaayusan sa loob ng bansa. Tungkulin nilang sugpuin ang mga masasamang gawain tulad ng pagnanakaw, kaguluhan, pagtitipong labag sa batas, panghoholdap, pangingidnap, panggagahasa, pananalakay, at iba pang mga krimen.

### Karapatang Makipag-ugnayan

Ang Pilipinas ay may karapatang makipag-ugnayan sa iba't ibang bansa. Nagpapadala ang ating bansa ng mga kinatawan o *ambassador* sa iba't ibang bansa, kapalit nito ay tumatanggap din tayo ng mga *ambassador* mula sa ibang bansa na may mabuting hangarin. Bukod sa pakikipag-ugnayang pandiplomatiko, karapatan din ng bansa na makipagkalakalan at magtaguyod ng ugnayang pangkabuhayan at pangkapayapaan sa ibang mga bansa. Sa kasalukuyan, nakikipagkalakalan tayo sa Japan, China, United States, Singapore, Brunei, Nigeria, Indonesia, Malaysia, at marami pang bansa.



*Si Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo kasama ang ilang lider ng mga bansang kasapi sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN).*

### Kahalagahan ng mga Karapatang Tinamo ng Bansa

Dahil sa mga karapatang tinamo ng bansa nang ito'y naging ganap na malaya, tayong mga Pilipino ay ganap na nasiyahan at napanatag dahil maipagmamapuri natin at maipagmamalaki ang ating pagiging malaya. Natuto tayong tumayo sa sarili nating mga paa, manindigan, at lalong magsumikap sa pagpapaunlad ng bansang Pilipinas.

### Isagawa mo

1. Alamin ang mga karapatang tinamo ng Pilipinas. Itala ang mga sagot sa *notebook*.

2. Paano mo pahahalagahan ang mga karapatang ito? Ilahad ang iyong mga dahilan kung bakit.

### Bigyang pansin at suriin

Pangalagaan at pahalagahan ang sumusunod na mga karapatang tinamo ng Pilipinas:

- karapatang mag-angkin ng ari-arian
- karapatan sa pantay na pagkilala
- karapatang ipagtanggol ang kalayaan
- karapatang makipag-ugnayan sa iba't ibang bansa
- karapatang makapagsarili

### Subukan mo

1. Ano ang maaaring ibunga sa Pilipinas ng pakikialam ng ibang bansa sa pamamahala nito? Bakit?

2. Makatuwiran bang kunin ng pamahalaan ang iyong lupain upang gawing paliparan ng bansa? Ipaliwanag.

### Kaya mo ito!

Magtanong sa magulang o matandang kamag-anak kung ano ang mga kalayaan at karapatan na pinahahalagahan nila at kung bakit nila ito pinahahalagahan.

# Aralin 30 Pagbawi ng Kalayaan mula sa mga Espanyol

## Magsimula ka

Batid mo ba na iba't iba ang paraang ginawa ng mga makabayang Pilipino sa pagkamit ng kalayaan? May gumamit ng lakas, kilusan, *zarzuela,* at panulat.

Mahirap talagang makalimutan ng mga Pilipino ang pagpapahalaga sa kalayaan dahil maging sa simula pa lamang ay malaya na ang ating lupain. Ito ay bago dumating ang mga dayuhang Espanyol, Amerikano, at Hapones, hindi tumigil sa pakikipaglaban para sa kalayaan ang ating mga ninunong Pilipino. Maraming nagbuwis ng buhay maibalik lamang muli sa sariling bayan ang kalayaan nito.

## Alamin mo

## Panahon ng Espanyol

### Kilusang Propaganda

Ang kilusang Propaganda ay isang mapayapang kilusan tungo sa pagbabago na itinatag noong 1892. Ang mga pangunahing kasapi nito ay sina Marcelo H. Del Pilar, Jose Rizal, Graciano Lopez Jaena, at iba pang mga Pilipinong may pinag-aralan na nagtungo sa Spain. Ang ilan sa mga layunin nito ay ang sumusunod:


source: www.zimbio.com

1. Gawing palagiang lalawigan ng Spain ang Pilipinas;
2. Ibalik ang pagpapadala ng kinatawang Pilipino sa Cortes, ang Batasan ng Spain;
3. Magkaroon ng pantay-pantay na pagtingin sa Pilipino sa harap ng batas;
4. Ilagay ang mga paring Pilipino sa mga parokya; at
5. Bigyan ng kalayaan ang mga Pilipino na magpahayag ng saloobin.

Ang nais ng mga kasapi nito ay pagbabago upang guminhawa ang pamumuhay ng mga Pilipino. Nakatulong ito sa pagkakaroon ng kalayaan.

## Mga Bayani


source: www.skycrapercity.com

Marcelo H.  Del Pilar: Ang Patnugot ng "La Solidaridad"

Si Marcelo H.  Del Pilar ay isinilang sa Cupang, Bulacan.  Isa siyang abogado, mananalumpati, at magaling na manunulat. Tinuligsa niya ang mga prayleng Espanyol sa kanyang kauna-unahang pahayagang tagalog, ang "Diyaryong Tagalog."  Ipinag-utos na siya'y hulihin pero nakatakas siya patungong Spain.  Naging patnugot siya ng "La Solidaridad," ang pahayagang itinatag ng mga propagandista.  Namatay siya sa Spain noong Hulyo 4, 1896.

Si Jose Rizal ay isinilang sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19, 1861.  Isa ring manunulat si Rizal.  Ang kanyang dalawang nobela, ang "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo," ay nagpahayag ng mga kalupitan at pang-aabuso ng mga pinunong Espanyol at prayle.  Nagalit ang mga Espanyol at siya'y dinakip at ipinatapon sa Dapitan, Zamboanga del Norte.  Nang sumiklab ang rebolusyon noong 1896 isinangkot siya, inaresto at ikinulong sa Fort Santiago.  Isinulat niya ang "Huling Paalam" habang nasa bilangguan siya.  Binaril si Rizal sa Bagumbayan (*Rizal Park*) noong ika-30 ng Disyembre 1896.


Si Dr. Jose P.  Rizal

Si Graciano Lopez Jaena ay isinilang sa Jaro, Iloilo. Dito rin siya nagsimulang sumulat ng laban sa mga prayleng Espanyol.  Ang kanyang mga katha tulad ng "Fray Botod," "La Hija del Fraile," at "Esperanza" ay tungkol sa kahiya-hiyang pamumuhay ng mga pari. Nakatakas siya patungong Spain noong aarestuhin na siya ng mga sundalong Espanyol.

Itinatag niya ang pahayagang "La Solidaridad" kung saan ay inilahad niya sa mga artikulo ang tungkol sa kalupitan ng mga Espanyol sa Pilipinas.  Namatay siya sa sakit na tuberkulosis sa Spain noong Enero 20, 1896.

## La Liga Filipina

Ang La Liga Filipina ay samahang itinatag ni Dr.  Jose Rizal sa kanyang pagbabalik sa Pilipinas noong Hulyo 3, 1892.  Ang mga layunin nito ay ang sumusunod:

1. Pagkakaisa ng buong bansa;
2. Proteksyon para sa lahat;

3. Pagtatanggol laban sa kaguluhan at kawalan ng katarungan;
4. Pagpapaunlad ng edukasyon, agrikultura, at pangangalakal; at
5. Pag-aaral at pagsasagawa ng mga reporma o pagbabago.

## Kilusang Katipunan

Si Andres Bonifacio, kasama ang ilang makabayan, ay nagtatag ng Kataas-taasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan noong Hulyo 7, 1892. Ang paglaya ng Pilipinas ang pangunahing layunin nito. Tinawag na katipunero ang mga kasapi ng Katipunan. Mapanganib ang pagsapi dito dahil ito'y lihim na samahan ng mga manghihimagsik. Umabot sa libo ang mga kasapi sa Luzon at Visayas.

Si Emilio Jacinto, ang "Utak ng Katipunan," ay pinagkakatiwalaang kaibigan ni Bonifacio. Ang kanyang mga tula at kuwento ay nagpaalab sa damdaming



*Emilio Jacinto*



*Andres Bonifacio*

makabayan at pagmamahal sa magulang. Siya ay ipinanganak sa Trozo, Tondo Maynila. Tinagurian siyang Utak ng Katipunan sapagkat siya ang tumayong patnugot ng pahayagang "Kalayaan ng Katipunan." Siya din ang naghanda ng "Kartilya ng Katipunan."

## Ang Kartilya ng Katipunan

Ang Kartilya ng Katipunan ang naglalaman ng mga mithiin at hangarin ng Katipunan. Ito ay ang sumusunod:

- Upang maging kapaki-pakinabang, ang buhay ay dapat ilaan sa dakilang layunin;
- Ang mabuting gawa ay dapat magmula sa pagnanasang makagawa ng mabuti hindi sa hangaring makinabang ang sarili;

- Ang tunay na kadakilaan ay nasa pagmamahal sa kapwa tao;
- Lahat ng tao ay pantay-pantay anuman ang lahi;
- Ang tunay na dakila ay pinipili ang dangal kaysa sa kayamanan;
- Ang taong marangal ay tumutupad sa kanyang salita;
- Ang nawalang panahon ay hindi na muling maibabalik;
- Ang matalinong tao ay hindi masalita at hindi nagtatago ng lihim;
- Ang lalaki ay nag-aakay sa kanyang asawa at mga anak tungo sa kabutihan o kasamaan; at
- Huwag mong gawin sa asawa, anak na babae, o kapatid na babae ng iba ang ayaw mong gawin sa iyong asawa, anak, o kapatid na babae.

## Ang Rebolusyon

Natuklasan ang Katipunan noong Agosto 19, 1896. Inaresto ang mga pinaghihinalaang kasapi ngunit nakatakas sina Bonifacio at Jacinto. Nang malaman ni Bonifacio na maraming katipunero ang hinuli, nagkita-kita sila ng iba pa sa Pugad Lawin at nagplanong ipagpatuloy ang paghihimagsik. Pinunit nila ang kanilang sedula at sumigaw ng "Mabuhay ang kalayaan ng Pilipinas!" Ito ang simula ng rebolusyon sa Pilipinas. Naganap ito noong Agosto 23, 1896. Nilusob ng mga Espanyol ang pook ng mga katipunero noong Agosto 26, 1896. Umatras sina Bonifacio dahil napakarami ng mga kaaway. Nilusob naman nina Bonifacio ang garison ng mga Espanyol sa San Juan del Monte noong Agosto 30, 1896. Maraming Pilipino ang nasawi rito.

Idineklara ni Gobernador Blanco ang batas militar sa walong lalawigan na naghihimagsik laban sa Spain: Maynila, Cavite, Batangas, Bulacan, Pampanga, Nueva Ecija, Tarlac, at Laguna. Lumaganap ang rebolusyon sa iba't ibang lugar. Nanalo ang mga Pilipino sa labanan sa Binakayan, Cavite sa pamumuno ni Hen. Emilio Aguinaldo. Inilipat ni Aguinaldo ang kanyang punong himpilan sa Biak-na-bato. Dito ipinahayag ang Republika ng Biak-na-Bato noong taong 1897.

Nang parehong pagod na sa paglalaban, nagkasundo sa Biak-na-bato sina Hen. Aguinaldo at Gobernador Heneral Primo de Rivera na pansamantalang itigil ang labanan, magbayad ng P800,000 ang mga Espanyol sa mga mamamayang naghimagsik, magbayad ng P900,000 sa mga naghirap sa digmaan, magkaloob ng amnestiya sa lahat ng rebolusyonaryo, magpatupad ng ilang reporma, at manirahan si Aguinaldo at iba pang pinuno sa Hongkong.

Ang mga Pilipino ay hindi nagtiwala sa mga Espanyol gayundin ang mga Espanyol sa mga Pilipino. Nagbayad si Gob. Rivera ng P400,000.00 lamang at hindi nabayaran ang mga mamamayan at pamilya ng mga rebolusyonaryo. Nagtungo si Aguinaldo sa Hongkong at kumuha ng mga armas para sa kanyang pagbabalik sa bansa. Tuluyan nang nasira ang kasunduan ng magkabilang panig nang magpatuloy ang mga Espanyol sa pag-aresto sa mga katipunero at ang mga Pilipino

naman ay patuloy na naghimagsik din laban sa mga Espanyol sa Visayas at Mindanao.

## Digmaang United States at Spain

Noong Abril 19, 1898 sumiklab ang Digmaang United States at Spain. Lumusob sa Look ng Maynila ang mga barkong pandigma ng mga Amerikano sa pamumuno ni Commodore George Dewey. Natalo ang mga Espanyol sa pamamahala ni Admiral Patricio Montojo. Ang labanang ito ay tinawag na *Battle of Manila Bay* o Labanan sa Look ng Maynila

Sa Hong Kong, may mga Amerikanong humimok kay Aguinaldo na lumaban sa mga Espanyol. Nangako silang tutulong sa mga Pilipino upang makamit ang kalayaan. Naniwala si Aguinaldo. Nang bumalik siya sa Cavite pinag-ibayo niya ang pakikipaglaban sa mga Espanyol. Natalo ng mga rebolusyonaryo ang mga Espanyol sa Maynila. Ganunpaman, ang inaasahang kasarinlan ay hindi ganap na nakamit ng mga Pilipino dahil sa pasya ng mga Amerikano na gawing kolonya ng United States ang Pilipinas sa ilalim ng *Benevolent Assimilation* at sa Kasunduan sa Paris noong Disyembre 10, 1898.

## Isagawa mo

Buuin ang tsart. Ibigay ang mga hinihinging impormasyon. Isulat ang gawain sa iyong *notebook*.

| Kilusan | Mga Namunong Bayani | Mga Layunin Nito |
|---|---|---|
| 1. Propaganda | 1.<br>2.<br>3. | 1.<br>2.<br>3. |
| 2. La Liga Filipina | 1. | 1.<br>2. |
| 3. Katipunan | 1.<br>2. | 1.<br>2. |

## Bigyang pansin at suriin

- Iba't ibang paraan ang isinasagawa upang ipagtanggol ang mga karapatan at makamit ang ganap na kalayaan ng mga Pilipino.
- Ang kilusang Propaganda ay humingi ng pagbabago o reporma samantalang ang kilusang Katipunan ay naghangad ng tunay na kasarinlan.

- Lahat ng uri ng tao sa lipunan ay gumawa ng hakbang upang ipagtanggol ang Pilipinas laban sa pananakop ng mga Espanyol.
- Ang mga propagandista ay karaniwang mayayaman at nakapag-aral na Pilipino.
- Ang mga katipunero ay nabibilang sa sektor ng pangkaraniwang tao.
- Ang pangunahing adhikain ng mga Pilipino noong panahon ng mga Espanyol ay ang makamit ang kalayaan ng Pilipinas.

## Subukan mo

1. Bakit hindi tinupad ng mga Pilipino at mga Espanyol ang kanilang ginawang kasunduan sa Biak-na-bato?

2. Kung ikaw si Hen. Emilio Aguinaldo, at nalaman mong niloko ka ng mga Amerikano dahil pinaniwala kang kaibigan sila at tutulungang makalaya ang Pilipinas ngunit inilipat lamang pala sa United States ang pamumuno ng Spain, ano ang gagawin mo? Bakit?

## Kaya mo ito!

1. Paghambingin ang kabayanihan nina Andres Bonifacio at Jose Rizal.
2. Sang-ayon ka ba na si Rizal ang karapat-dapat na pambansang bayani at hindi si Bonifacio? Isulat ang inyong saloobin tungkol dito sa iyong *note book*.

| **Basehan ng Paghahambing** | **Andres Bonifacio** | **Jose Rizal** |
|---|---|---|
| 1. Paraan ng pakikipaglaban<br>2. Pagtulong sa kapwa at sa bayan | | |

# Aralin 31 Pagkamit ng Kalayaan mula sa Amerikano

## Magsimula ka

Napakatagal na panahong nagtiis at nakipaglaban ang mga makabayang Pilipino upang mabawi ang kalayaang matagal nang minimithi.

Sa panahon ng pamamahala ng mga Amerikano, maraming Pilipino ang hindi nasiyahan. Sa kabila ng mga kabutihang ipinakita ng mga Amerikano marami pa ring kulang na nakita ang mga Pilipino. Ipinagpatuloy nila ang pakikipaglaban hanggang sa makamit ang kasarinlan.

## Alamin mo

### Panahon ng Amerikano

#### Ang Patakarang Pilipinisasyon ng America

Sa pamamagitan ng Patakarang Pilipinisasyon, unti-unting pinalitan ng mga Pilipino ang mga Amerikanong nanunungkulan sa pamahalaan. Ito ay sa bisa ng mga batas ng kongreso ng United States at ng mga Kautusan. Nabigyan ang mga Pilipino ng pagkakataong makilahok sa pamamalakad ng pamahalaan. Ang pamahalaang lokal ay napasailalim sa mga Pilipino. Naigawad din ang karapatang bumoto ng mga lalaking may 23 taong gulang na nakababasa at nakasusulat.

Ang Komisyong Schurman ay kauna-unahang komisyon ng Pilipinas na binuo ni Pangulong William McKinley noong Enero 20, 1899. Pinamunuan ito ni Jacob Gould Schurman. Tinulungan nito ang pamahalaang militar sa paghubog ng mga patakaran sa Pilipinas. Ang mga mungkahing kanilang isinulat ay ang pag-aalis ng pamumunong militar sa mga payapang pook; pagtatatag ng malasariling pamahalaang lokal; pagbukas ng libreng paaralang pang-elementarya; at paghirang ng mga may kakayahang Pilipino sa mahahalagang mga tungkulin sa pamahalaan.

Ang Komisyong Taft ay ikalawang komisyon na si William Howard Taft ang taga-pangulo. Itinatag ito ni Pangulong McKinley noong Marso 16, 1900. Ang ilang mga tagubilin sa komisyong ito ay ang:

- Pagtatatag ng pamahalaang bayan na ang mga pinuno'y ihahalal ng mga Pilipino;
- Pagbibigay ng walang bayad na edukasyong primarya para sa lahat;
- Pagpapalaganap at paggamit ng wikang Ingles sa pakikipagtalastasan; at
- Pagpapalabas ng mga patakaran para sa kabutihan ng mga Pilipino.

Ang Korte Suprema ay itinatag noong 1899 na binuo ng siyam na mahistrado. Anim dito ay Pilipino at si Cayetano Arellano ang kauna-unahang Punong Mahistrado. Gumanap ng tungkuling tagapagbatas at tagapagpaganap noong

1900 ang Ikalawang Komisyon. Si Gregorio Araneta ang nahirang na Kalihim ng Pananalapi. Siya ang kauna-unahang Pilipinong nahirang sa tungkuling tagapagpaganap.

## Mga Batas para sa Kalayaan

### Ang Batas ng Pilipinas ng 1902 (*Philippine Bill of 1902*)

Ang Batas Pilipinas ng 1902 ay isang panukalang batas na iniharap ni Kongresista Henry Allen Cooper na nagtakda ng pangangasiwa ng pamahalaang sibil sa Pilipinas, kaya tinawag itong Batas Cooper.

Itinakda sa Batas Pilipinas ang sumusunod:

- Pagtatatag ng Komisyon ng Pilipinas, Tanggapan ng Gobernador Sibil, at Kataastaasang Hukuman ng Pilipinas;
- Pagbabahagi ng komisyoner ng tungkuling gumawa ng batas sa Asembleya ng Pilipinas na ihahalal pa at magsisilbing Mababang Kapulungan ng panukalang Batasan;
- Pagbibigay ng kapangyarihan sa Batasang Pilipinas na maghalal ng dalawang komisyoner na siyang kakatawan sa Pilipinas sa United States;
- Pagsasarili ng Hukuman;
- Pagtatatag ng mga alituntuning sumasakop sa likas na kayamanan ng Pilipinas; at
- Pagbibigay ng awtoridad sa pamahalaan ng Pilipinas na bumili ng lupang pag-aari ng mga prayle upang gamitin sa pangangailangan ng bayan.

Nagdaos ng unang pambansang halalan noong ika-30 ng Enero,1907. Walumpung delegado sa Asemblea ng Pilipinas ang inihalal at nanungkulan ng dalawang taon. Ang nahalal na ispiker ay si Sergio Osmeña at si Manuel Luis M. Quezon ang naging pinuno ng higit na nakararaming kasapi.

### Ang Batas Jones ng 1916

Ito ay ipinanukala ni Kongresista William Atkinson Jones upang mabigyan ng kalayaan ang Pilipinas. Ang batas na ito ay pinagtibay ni Pangulong Woodrow Wilson noong Agosto 29, 1916. Ang mga itinakda rito ay ang:

1. Pormal at opisyal na pangako sa pagpapatibay ng kalayaan sa Pilipinas;
2. Pagkakaloob sa Gobernador Heneral ng kapangyarihang tagapagpaganap;
3. Pagsasaayos ng batas at pag-aalis ng kapangyarihan ng United States sa Pilipinas at kilalanin ang kalayaan sa sandaling magkaroon ng matatag na pamahalaan; at
4. Pagtatatag ng Batasan ng Pilipinas na bubuuin ng Senado at mga kinatawan.

Pinasinayaan ang Lehislatura ng Pilipinas noong Oktubre 26, 1916. Si Manuel Quezon ang nahalal na Pangulo ng Senado at si Sergio Osmeña naman ang ispiker.

## Ang Batas Tydings-McDuffie

Iniharap nina Senador Millard Tydings at Kongresista John McDuffie ang batas para sa pagsasarili ng Pilipinas. Nilagdaan ang batas na ito noong Marso 24, 1934 ni Pangulong Roosevelt. Noong Mayo 1, 1934 tinanggap ito ng Lehislatura ng Pilipinas. Ang ilang nilalaman ng batas Tydings-McDuffie ay ang mga sumusunod:

1. Pagtatakda ng 10 taong panahon ng transisyon ng malasariling pamahalaan na tinawag na Pamahalaang *Commonwealth* upang ihanda ang bansa sa pagsasarili sa 1946;
2. Paggawad sa representasyon ng Pilipinas sa United States sa pamamagitan ng tanggapan ng Pilipinong residenteng komisyoner at ang United States sa Pilipinas sa pamamagitan ng Amerikanong komisyoner; at
3. Paggawad ng awtoridad o kapangyarihang kumbensyon upang bumuo ng Saligang Batas ng Pilipinas.

## Pagsalungat ni Macario Sakay

Si Macario Sakay ay salungat sa pakikipagkaibigan sa pamahalaang Amerikano. Nagtatag siya ng pamahalaan sa Katagalugan. Siya at ang kanyang mga kasama ay sumulat ng Saligang Batas at nagtakda ng pamamaraan katulad ng sa unang Republika ng Pilipinas na itinatag ni Aguinaldo sa Malolos. Ipinahayag niya ang pakikipaglaban sa mga Amerikano upang makamit ang kalayaan. Sa loob ng apat na taon ay naging matagumpay ang kanyang kilusan at naging problema siya ng mga Amerikano.

*source: http://en.wikipilipinas.org*



*Si Macario Sakay, pangatlo mula sa kaliwa, ang nagtatag ng Republika ng Katagalugan.*

Ginamit ng mga Amerikano sa pamumuno ni Gobernador-Heneral Henry C. Ide ang isang kilalang lider ng mga manggagawa upang himuking sumuko si Macario Sakay. Siya si Dominador Gomez. Nahimok ni Gomez si Sakay dahil sa pangakong hindi sila parurusahan at sinabing sa kanyang pagsuko ay manunumbalik ang katahimikan ng bansa at magiging simula ito ng pagtatatag ng Asembleya ng Pilipinas. Naniwala si Sakay na ang kanyang pagsuko ay makapagpapadali sa pagtatatag ng asembleya na binubuo ng mga Pilipino, ngunit nabigla siya nang ang kanyang pangkat ay arestuhin ng mga Amerikano at konstabularyang Pilipino sa isang kasiyahan. Pinaratangan ng maraming kasalanan si Sakay ngunit di siya umamin. Ang tanging hangad niya ay makamit ng bansa ang kalayaan. Hinatulan siya ng kamatayan at binitay noong Setyembre 13, 1907.

## Pagsalungat ng mga Pilipinong Muslim

Ang mga matatapang na Muslim sa Mindanao at Sulu ay nakipaglaban sa mga Amerikano. Umabot sa 14 na taon ang pakikipaglaban ng mga Muslim sa mga Amerikano. Marami ang itinanghal na bayani tulad ni Datu Hassan sa Labanan ng Sulu; Nakip Amil, kumander ng Bud Bagsak; Sariol sa Siasi; Datu Tahil, bayani ng Basilan; Jikiri, ang matapang na bayani sa Sulu at Calibay; at Sumungsong, tumalo sa pangkat ni Gobernador Boltan ng Cotabato.

## Misyong Pangkalayaan

Maraming misyong pangkalayaan ang isinagawa ng mga Pilipino na iminungkahi sa kongreso ng United States. Una ay ang misyong pinamunuan ni Manuel Luis M. Quezon noong Pebrero 23, 1919; misyong pinamunuan ni Manuel Roxas noong 1923; Misyong Quezon, Osmeña, at Roxas noong 1924; Misyon ni Osmeña noong 1926; Misyon ni Quezon noong 1930; Misyong Os-Rox noong 1931; at Misyong Quezon noong 1933.

Sa misyong Quezon noong 1933 nakakuha ng paborableng batas si Quezon. Ito ang Batas Tydings-McDuffie. Iniharap ito nina Senador Millard Tydings at Kongresista John McDuffie. Ilan sa itinadhana ng batas na ito ay ang paghaharap ng Saligang Batas sa pangulo ng United States para sa pagsang-ayon nito, pagdaraos ng plebesitong magpapatibay sa Saligang Batas, at pagpapahayag ng Pangulo ng United States ng kalayaan ng Pilipinas sa Hulyo 4, kasunod ng pagwawakas ng sampung taon mula sa pagkakatalaga ng bagong pamahalaan sa ilalim na Saligang Batas na itinakda ng Batas Tydings-McDuffie.

Nagkaroon ng asembleya o kumbensyon para sa pagbabalangkas ng Saligang Batas ng 1935. Si Claro M. Recto ang nahalal na pangulo. Pinagtibay ang inihandang Saligang Batas ng kumbensyon noong Pebrero 22, 1935 at pinagtibay sa plebesito noong Mayo 14, 1935.

Ang halalan ay ginanap noong Setyembre 17, 1935. Nahalal na pangulo si Manuel M. Quezon at si Sergio Osmeña bilang pangalawang pangulo. Pinasinayaan ang Pamahalaang *Commonwealth* at iwinagayway ang bandilang Pilipino at Amerikano noong Noyembre 15, 1935.

### Isagawa mo

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang Patakarang Pilipinisasyon ng America?
2. Bakit nilikha ang Komisyong Schurman?
3. Ano ang dahilan ng pagtatag ng Komisyong Taft?
4. Sa tatlong batas sa ibaba, ano sa palagay mo ang pinakamabuti para sa Pilipinas sa panahong iyon?
   a. Batas Pilipinas ng 1902     c. Batas Jones ng 1916
   b. Batas Tydings-Mcduffie

## Bigyang pansin at suriin

- Ang mga sumasalungat sa pamumuno ng mga Amerikano sa Pilipinas ay ang mga Pilipinong Muslim na kailanma'y di sumuko sa kanila.
- Si Macario Sakay ay isang magiting na lider sa Katagalugan.
- Ang Komisyong Schurman sa pamumuno ni Jacob Schurman ay nilikha upang tulungan ang pamahalaang militar sa Pilipinas.
- Ang Komisyong Taft ay itinatag ng Pangulong McKinley upang makapagtatag ng pamahalaang bayan na ang pangulo'y ihahalal ng mga Pilipino at makapagpalabas ng mga patakaran para sa kabutihan ng mga Pilipino.
- Ang Patakarang Pilipinisasyon ng Amerika ay pagbibigay pagkakataon sa mga Pilipino na makilahok sa pamamalakad ng pamahalaan.
- Ang Batas Pilipinas ng 1902 ay kauna-unahang batayang batas ng Pilipinas.
- Ang Batas Jones ay nagbigay ng pormal na pangako sa paggawad ng kalayaan ng Pilipinas.
- Ang Pangulong Manuel Luis M. Quezon ay ilang ulit na pumunta sa United States upang mangampanya sa pagpapatibay ng isang batas na maggagawad ng kalayaan sa ating bansa.
- Sa bisa ng Batas Tydings-McDuffie, itinakda ang pagtatatag ng pamahalaang *Commonwealth* upang ihanda ang Pilipinas sa ganap na kasarinlan.

## Subukan mo

1. Anu-ano ang kaibahan ng pamamahala ng mga Amerikano sa pamumuno ng mga Espanyol?

2. Talakayin ang mga paraang ginawa ng mga sumusunod para sa pagkakamit ng kalayaan mula sa mga Amerikano:

   a. Macario Sakay
   b. Manuel M. Quezon
   c. Manuel Roxas
   d. Sergio Osmeña
   e. Nakip Amil

## Kaya mo ito!

Pag-usapan ninyo ng iyong katabi ang mabuting bunga ng ginawang paghahanda ng mga Amerikano upang ang mga Pilipino ay makapamahala nang maayos at tama.

# Aralin 32 Pagtatanggol sa mga Hangganan at Teritoryo ng Bansa

## Magsimula ka

Maraming mga pakinabang ang mga Pilipino sa teritoryong sakop ng Pilipinas na maaaring hindi natin matatamasa kung tayo'y magiging mamamayan ng ibang bansa.

Una, marami tayong magagandang tanawin na dinarayo pa ng mga turista sa iba't ibang panig ng mundo. Ikalawa, may malalaki at maliliit na pulo tayo na sagana sa likas na yaman at kung wasto lang ang pangangalaga at pamamahala sa mga ito, maituturing na tayo ay mayamang bansa. Ikatlo, mayaman tayo sa mga katutubong kultura, kaugalian, tradisyon, at pagpapahalaga na nagustuhan ng mga dayuhan kaya marami sa kanila ang nag-asawa ng Pilipino at nanirahan na sa Pilipinas.

Anupa't napakapalad natin kaya't dapat nating mahalin at ipagtanggol ang ating teritoryo gaya ng pagmamahal natin sa ating kalayaan at soberanya.

## Alamin mo

### Mga Pakinabang ng mga Pilipino sa ating Teritoryo



*Ang mouse deer, tarsier, at tamaraw ay ilan sa mga hayop na sa Pilipinas lamang matatagpuan.*

*Mouse Deer*



*Tarsier*



*Tamaraw*

Ang ating teritoryo ay ang lahat ng nakapalibot sa atin; ang ating bansa, ang mga tubig, o karagatang nakapalibot sa ating kapuluan, ang himpapawid nito sa lupain, at ang mga mamamayang nasasakupan nito.

Tayong mga mamamayan ay maraming biyayang tinatamasa sa ating bayan. Sa karagatan ay may sari-saring isda, kabibe, at lamang dagat. Sa lupa ay may mga punong katangi-tangi at napakamahal ng halaga tulad ng narra, lawan, tanguile, mayapis, yakal, apitong, dao, at *mahogany* na magagamit natin sa paggawa ng matitibay na bahay, mga kasangkapan, at mga gamit .

Ang ating bansa ay maraming mga mineral na metal, mineral na di-metal, at mineral na panggatong. Isa ito sa mga tumutustos ng mineral sa mga bansang kapos nito. Kilala ang ating bansa dahil dito matatagpuan ang mga pinakamalaking deposito ng *chromite* at *nickel* sa buong mundo. Sagana rin ang bansa sa *carbon*, tanso, pilak, apog, *silica*, at marmol.

Maraming hayop sa kagubatan ng Pilipinas tulad ng agila, tamaraw, dagang usa o *mouse deer* (pinakamaliit na usa sa buong mundo), baboy damo, at unggoy. Sa ibang bansa ay kakaunti o wala pa ang iba nito. Mayroon din tayong mga hayop na tumutulong sa atin tulad ng kalabaw, baka, kambing, manok, at baboy. Inaalagaan natin ang mga ito at pinaparami upang maipagbili at mapagkakitaan.

## Mga Paraan ng Pagtatanggol sa mga Hangganan at Teritoryo ng Bansa

Dapat na malamang mabuti ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas – ang Hukbong Katihan, Hukbong Dagat, at Hukbong Panghimpapawid ang hangganan at teritoryo ng bansa upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan ng mga bansa. Ang punong tagapagpaganap ng bansa, ng rehiyon at ng iba't ibang munisipyo, lungsod, o barangay ay dapat ding may sapat na kaalaman tungkol dito. Ang pagbabasa ng Saligang Batas ng 1987, Doktrinang Pangkapuluan, at mga Atas ng Pangulo ay makatutulong sa problemang ito.

Ang pagtatanggol sa pambansang teritoryo ay nangangahulugan din ng pagpapahalaga sa himpapawid na sakop ng Pilipinas. Gumagamit ng radar at mga kagamitang nagbibigay ng babala kung may pumapasok na sasakyang panghimpapawid sa teritoryo ng Pilipinas.

Anupa't ang lahat ng bahagi ng ating Armed Forces ay binibigyan ng sapat na kasanayan at kahandaan upang maipagtanggol ang ating teritoryo, kalayaan, at soberanya.

## Isagawa mo

Itala sa talahanayan ang mga pakinabang ng mga Pilipino sa ating teritoryo. Gawin ito sa sagutang papel.

| TERITORYO | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Lupa | Dagat | Himpapawid | Kagubatan | Kabundukan |
| **Mga Pakinabang ng mga Pilipino** | | | | | |

## Bigyang pansin at suriin

- Nakikinabang tayo mula sa ating mga yamang lupa ng masaganang pananim sa matatabang lupain, matatabang hayop, alagang hayop na makatutulong natin sa paggawa, o bilang pagkain tulad ng baka at manok.
- Mayaman ang Pilipinas sa mga likas na yamang matatagpuan sa dagat, gubat, at kabundukan.
- Mahalagang pangalagaan ang teritoryo ng ating bansa upang mapangalagaan ang pinagkukunan ng ating kabuhayan.
- Ang magagandang tanawin ng ating bansa ay mga yaman din na nagpapaunlad sa turismo at magbibigay ng hanapbuhay sa ating mga mamamayan.

## Subukan mo

1. Anu-ano ang mga paraan ng pagtatanggol sa mga hangganan at teritoryo ng bansa?
2. Bakit kailangang ipagtanggol ang ating teritoryo?

## Kaya mo ito!

Makipagpalitan ng kuru-kuro sa iyong katabing kamag-aral tungkol sa mga likas na yaman ng ating bansa na pinagsasamantalahan ng ibang dayuhan.

# Kabanata 10 Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Iba't Ibang Bansa

## Aralin 33 Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa Ibang Bansa sa Iba't Ibang Panahon

### Magsimula ka

Ang ating bansa ay nakipag-ugnayan sa iba't ibang bansa sa iba't ibang panahon. Ang mga layunin ng pakikipag-ugnayan ay pangkalakalan, panlipunan, pampulitika, at pangkultura.

Bago dumating ang mga Espanyol, nakipag-ugnayan ang ating mga ninunong Pilipino sa mga bansang Silanganin. Sa pananakop ng mga Espanyol, nakipagkalakalan ang bansa sa China noong 1576 at sa England, France, at United States noong 1834.

Sa panahon ng pananakop lamang ng mga Amerikano nakipag-ugnayan ang Pilipinas sa United States of America. Nagsimulang maging aktibo ang Pilipinas sa pakikipag-ugnayan sa ibang bansa nang maging pangulo si Elpidio Quirino. Nakipag-ugnayan ang Pilipinas sa mga bansa sa Europe at sa mga bansa sa Asia. Pinalawak ang pakikipag-ugnayan sa mga bansang Asyano ni dating Pangulong Diosdado Macapagal noong 1963. Nakipag-ugnayan din tayo sa China noong 1965, sa Soviet Union noong 1975, sa Cuba at sa mga bansa sa Silangang Europe.

### Alamin mo

#### Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas

#### Bago Dumating ang mga Espanyol

Sa mga bansang silanganin unang nakipag-ugnayan ang ating mga ninuno bago pa dumating ang mga Espanyol. Ang mga ninuno nating Malay ay nakarating sa Pilipinas dala ang sistemang pampulitika. Ang mga sinaunang Pilipino ay nakipagpalitan ng produkto sa China at nakipagkalakalan din sa Japan. Nakarating sa Pilipinas ang mga Arabe at taga India na nagpakilala sa atin ng relihiyong Islam at mga paniniwalang Hindu.

## Panahon ng mga Espanyol (1565-1898)

Sa pananakop ng mga Espanyol, sa pamamagitan ng Gobernador Heneral, ang ugnayang panlabas ng bansa ay nasa pangangasiwa ng *Consejo de Indias*. Sa pagtatapos ng ika-19 na dantaon, ito ay pinalitan ng *Ministerio de Ultramar.* Noong 1576, nagsagawa ng kauna-unahang kasunduang pangkalakalan ang bansa at China. Di nagtagal, nakipagkalakalan din ang Pilipinas sa Mexico. Binuksan ang Maynila sa kalakalang pandaigdig noong 1834 kung saan ay nakipagkalakalan ang bansa sa France, England, at United States of America.

## Panahon ng mga Amerikano (1898-1946)

Dahil sa Batas Cooper (1902) at Batas Jones (1916), nagsagawa ng ugnayang panlabas sa pagitan ng United States at ng Pilipinas. Pinangasiwaan ito ng Bureau of Insular Affairs (BIA).

Halos sa United States lamang nakipag-ugnayan ang bansa dahil sa pinamumunuan ng mga Amerikano ang Pilipinas at dahil na rin sa kagustuhan ng maraming Pilipino.

## Panahon ng Ikatlong Republika (1946-1972)

Nang lumaya ang Pilipinas mula sa Amerikano noong Hulyo 4, 1946 patuloy pa ring umasa ang Pilipinas sa tulong ng mga Amerikano. Ang ugnayang panlabas ay pinamahalaan ng Department of Foreign Affairs (DFA). Pinagtibay ang Batas Pangkalakalan at nagkaroon ng 28 taong malayang kalakalan ang Pilipinas at United States. Sa panahon ni Pangulong Quirino nakipag-ugnayan ang bansa, bukod sa United States, sa Spain, Argentina, Taiwan, Thailand, Pakistan, Indonesia, at Korea. Nagpadala ng misyon sa Japan, Indonesia, Korea, Laos, Vietnam, at Cambodia. Nahalal na *Secretary General* ng United Nations si Carlos P. Romulo noong 1949.

Sa panahon ni Ramon Magsaysay noong 1953, pinag-aralan ang ugnayan ng Pilipinas at United States. Sina Jose P. Laurel at James Langley ang lumagda ng kasunduan sa pagitan ng Pilipinas at United States. Noong Disyembre 15, 1954, ibinalik ng mga Amerikano ang titulo ng pagmamay-ari sa mga 199,570 ektaryang saklaw ng base militar. Hindi kinilala ni Magsaysay ang mga bansang komunista. Pinairal naman ang patakarang "Asia para sa mga Asyano" nang itinatag ang South East Asia Treaty Organization (SEATO) noong 1954.

Naging isyu ang mga base militar ng mga Amerikano noong panahon ng panunungkulan ni Carlos P. Garcia dahil sa di pagtataas ng bandilang Pilipino sa mga base, ang pagkakaroon ng mga armas na *nuclear* dito, at ang di-pantay na paggawad ng katarungan sa loob ng mga base militar ng mga Amerikano.

Mula 1961 hanggang 1965, si Diosdado Macapagal ang pangulo ng bansa. Pinalawak niya ang pakikipag-ugnayan sa mga bansang Asyano. Noong Hunyo 1961 itinatag sa Bangkok, Thailand ang Association of South East Asian Nations (ASEAN) na ang layunin ay pagtutulungang pangkabuhayan at pangkultura ng mga bansang kaanib. Itinatag din ang MAPHILINDO ng Malaysia, Philippines, at Indonesia noong 1963. Sa panunungkulan ni Macapagal nagsimula ang pag-aangkin ng bansa sa Sabah na pinaniniwalaang pag-aari ng Sultan ng Sulu. Diumano noong 1878, pinaupahan ito sa mga British na mananakop ng Malaysia.

Nang nahalal na pangulo ng Pilipinas noong 1965 si Ferdinand Marcos, binuksan niya ang relasyong diplomatiko ng bansa sa mga bansang sosyalista, Arabe, maunlad, at papaunlad. Nakipag-ugnayan ang Pilipinas sa People's Republic of China at nakipagkasundo rin para sa relasyong-pakikipagkalakalan. Noong 1976 nakipag-ugnayang diplomatiko sa Soviet Union ang bansa at nagkasundo sa larangan ng sining at kalakalan. Nagkaroon din ng kaugnayan ang bansa sa Silangang Germany, Hungary, Poland, Bulgaria, Yugoslavia, Czechoslovakia, at Romania.

Bunga ng iba't ibang suliranin at kaguluhang dulot ng pagtuligsa ng maraming grupo laban sa pamahalaan ay nagdeklara ng Batas Militar ang Pangulong Marcos sa bisa ng Proklamasyon Bilang 1081. Dahil dito ay maraming gawain ng pamahalaang pambansa at lokal ang natigil, tulad ng produktibong sektor ng kabuhayang pambansa. Maraming negosyante at industriyalista ang tumigil o nagsara ng mga negosyo. Maraming pagbabawal ang ipinatupad na ikinagalit ng mga makabayang Pilipino, kasapi ng *media*, at lalo na ng mga katunggali ng Pangulo sa pulitika, tulad nina Benigno "Ninoy" Aquino Jr., Joaquin "Chino" Roces, Jose Diokno, at iba pa.

Sa ilalaim ng batas militar ay isinulong ang konsepto ng isang Bagong Lipunan, na naglalayong mapanatili ang kapayapaan at katiwasayan, pagpaparami ng pagkain, pagpapagawa ng tulay, daan, paaralan, ospital, paliparan at mga patubig sa sakahan. Isinulong din angpagpapaunlad sa sining lalo na sa musika at pagpipinta, at naitayo ang Cultural Center of the Philippines.

Nagwakas ang pamamahala ni Pangulong Marcos at naging pangulo ng Pilipinas sina, Gng. Corazon Aquino, Fidel Ramos, Joseph Estrada, Gloria Macapagal-Arroyo at ang kasalukuyang Pangulo na si Benigno Simeon Aquino III.

Sa mga panahon ng pamamahala ng mga nabanggit na pangulo ay patuloy ang pakikipag-ugnayan at magandang relasyon ng Pilipinas sa iba't ibang bansa. Sa kabila ng magagandang ugnayang ito masasabi na napakabagal pa rin ang pagsulong ng kabuhayan sa bansa. Ito ay nangangahulugan lamang na ang pag-unlad ng isang bansa ay nakasalalay, hindi sa tulong lamang ng ugnayang panlabas kundi sa ugnayang panloob. Higit na mahalaga ang relasyon ng mga Pilipino sa isa't isa at ang malakas at matapat na liderato ng mga namumuno sa ating pamahalaan at bayan.

## Isagawa mo

Kani-kanino nakipag-ugnayan ang Pilipinas sa iba't ibang panahon? Gumawa ng *chart*.

| Pakikipag-ugnayan ng mga bansa sa Pilipinas sa iba't ibang panahon |
|---|

1. Bago dumating ang mga Espanyol
2. Panahon ng pananakop ng mga Espanyol
3. Panahon ng pananakop ng mga Amerikano
4. Panahon ng Republika
   a. Panahon ni Pangulong Elpidio Quirino
   b. Panahon ni Pangulong Diosdado Macapagal
   c. Panahon ni Pangulong Ferdinand Marcos

## Bigyang pansin at suriin

- Ang mabuting pakikipag-ugnayan ay nakabatay sa mabuting pakikipagkasundo o usapan.
- Ang Pilipinas ay naglalayong isulong ang kapayapaan at pakikipagkasundo sa mga bansa na may ganito ding adhikain. Layunin nito na hangga't maari ay kaibiganin ang lahat ng lahi sa mundo.
- Bukod sa kaunlarang pangkabuhayan at pampulitika, ang Pilipinas ay nakikipag-ugnayan para sa aspetong pangkultural na kalinangan.
- Sumapi ang Pilipinas sa mga samahang panrehiyon at pandaigdig sa hangaring matamo ang kagalingan ng mga interes ng bawat kasapi.
- Batay sa prinsipyong pangkapayapaan at hindi upang pagsimulan ng anumang kaguluhan, ang batayan sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas.

## Subukan mo

Mayroon bang panganib ang pagkakaroon natin ng kaugnayan sa ibang bansang sosyalista o komunista tulad ng China at Russia? Ipaliwanag mo.

## Kaya mo ito!

Makipangkat ka sa apat mong kaklase. Gumawa kayo ng *script* ng isang maikling dula-dulaan tungkol sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa. Magdula-dulaan kayo sa harap ng klase.

Batayan para sa iskor:

| | | |
|---|---|---|
| Pinakamagaling | – | Tinatalakay ang lahat ng mga patakaran at layunin ng Pilipinas para sa pakikipag-ugnayan |
| Magaling | – | Tinatalakay ang ilan sa mga patakaran at layunin ng Pilipinas para sa pakikipag-ugnayan |
| Mahina | – | Walang tintalakay tungkol sa mga patakaran at layunin ng Pilipinas para sa pakikipag-ugnayan |

# Aralin 34 Kalagayan ng Pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa mga Bansang Maunlad at Papaunlad

## Magsimula ka

Ang Pilipinas ay nakipag-ugnayan sa iba't ibang bansa upang umunlad at matulungan ang mga mamamayan nito at makatulong din sa ibang bansa. Nakipag-kalakalan ang ating bansa sa mga bansang Arabe at malaki ang naitulong ng mga bansang ito sa ating ekonomiya. Nakipag-ugnayan at nakipagkalakalan din tayo sa mga bansang maunlad at papaunlad.

Malalaman mo ang mga kabutihang dulot ng pakikipag-ugnayan sa mga bansang maunlad at papaunlad pa lamang.

## Alamin mo

### Pakikipag-ugnayan sa mga Bansang Arabe

Malaki ang naitulong sa ating bansa ng pakikipag-ugnayan natin sa mga bansang Arabe tulad ng Libya, Morocco, Iraq, Algeria, Tunisia, Egypt, Jordan, Saudi Arabia, at Iran. Nabawasan ang mga walang hanapbuhay nang magpadala ang ating bansa ng mga manggagawa sa mga bansang ito. Lumaki ang kita ng bansa mula nang magkaroon ng mga hanapbuhay sa ibang bansa ang maraming Pilipino.

Noong panahon ng Pamahalaang Marcos napagtibay ng Pilipinas ang relasyong diplomatiko sa mga bansang Arabe. Mga isyung pangkaunlaran ang kanilang napagkasunduan. Nakipagtulungan ang bansa sa pagpapaunlad ng pagsasaka, paglinang ng mga likas na yaman, at paglutas ng mga suliranin sa Mindanao.

### Pakikipagrelasyon sa mga Bansang Papaunlad

Ang Pilipinas ay nakipag-ugnayan sa mga bansang *Third World*. Ang mga ito ay mga bansang dati ay naging sakop ng pamamahala at kapangyarihan ng malalaki at mauunlad na bansa. Noong 1955, lumahok ang Pilipinas sa pulong ng mga bansang Asyano at Aprikano na idinaos sa Indonesia. Ito ay pulong ng mga bansang papaunlad. Dahil dito, naitatag ang kauna-unahang pulong ng mga bansang walang pinapanigan. Nagbago ng patakarang panlabas ang Pilipinas nang hindi ito inanyayahan sa pulong ng mga bansang walang pinapanigan sa Yugoslavia noong 1961. Pagkatapos nito ay naanyayahan itong magmasid sa mga pulong ng mga bansang walang pinapanigan noong 1975 sa Lima, Peru. Naging kasapi ng pangkat 77 ang Pilipinas para sa pulong ng mga ministro ng pananalapi ng 77 bansa at

nagkaisa sila kung ano ang tatalakayin para sa United Nations Conference for Trade and Development (UNCTAD).

Ang 77 bansang *Third World* ay nagkaisa at nagpulong sa Maynila upang iparating ang kanilang hinaing sa United Nations Conference for Trade and Development (UNCTAD).

Naging kinatawan ng mga bansang *Third World* ang dating Pangulong Ferdinand Marcos sa ika-4 na pulong ng UNCTAD sa Nairobi, Kenya, noong Mayo 1976. Sinabi niya na ang higit na kailangan ng mga papaunlad na bansa ay ang mga tulong na pangkabuhayan at makabagong teknolohiya. Binigyang diin din ni Marcos ito sa panglimang pulong ng UNCTAD (1979) sa Maynila at sa Cancun, Mexico (1981) nang maging kinatawan siya ng ASEAN o Association of South East Asian Nations. Hiniling dito na ang mga bansang papaunlad ay mabigyan ng pantay-pantay na pagkakataon sa pandaigdigang pangkalakalan, tulong na pangkabuhayan, at pagtuturo ng angkop na teknolohiya. Sa pulong na ito ay nais nilang matamo ang isang makatarungang pandaigdig na kaayusang pangkabuhayan.

### Pakikipag-ugnayan sa mga Bansang Maunlad

Ang bansang Japan ay isang maunlad na bansa dahil sa mga matataas na uri ng teknolohiya at industriya nito. Napanatili nila ang kanilang wika at mabilis na pag-unlad dahil sa pagpapahalaga nila sa paggawa. Para sa kanila, ang panahon ay ginto at di-dapat sayangin.



*Ang Pilipinas ay nakikipag-ugnayan sa mga mauunlad na bansa tulad ng United States of America, Japan, at South Korea.*

Napagbuti ang ugnayang Pilipinas at Japan nang mapagtibay ng dalawang bansa ang *Reparations Agreement* noong Mayo 9, 1956 kung saan napagkasunduang babayaran ng Japan ang Pilipinas sa mga pinsalang idinulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ngayon ay patuloy pa rin ang pakikipag-ugnayan at pakikipagkalakalan ng Japan sa Pilipinas.

Patuloy ang mabuting ugnayan ng Pilipinas at United States. Pinatatag ng dalawang bansa ang kanilang ugnayan sa pamamagitan ng iba't ibang kasunduang pangkabuhayan, pang-edukasyon, pangkultura, at pangkalakalan.

Maraming natutuhan ang Pilipinas sa pakikipag-ugnayan nito sa mga bansang katulad nito. Natutuhan nito ang pakikipagkasundo sa mga bansang papaunlad pa lang. Natutuwa rin ang ating bansang makatulong sa iba pang bansa na nangangailangan ng ating mga produkto at kasanayan.

## Isagawa mo

A. Buuin ang *chart* upang mailarawan ang pakikipag-ugnayan ng Pilipinas. Isulat sa sagutang papel.

| **Bansang may Pakikipag-ugnayan ang Pilipinas** | **Naitulong ng Bansa sa Pilipinas** | **Naitulong ng Pilipinas sa Bansang ito** |
|---|---|---|
| 1. Saudi Arabia | | |
| 2. Japan | | |
| 3. United States | | |
| 4. Spain | | |
| 5. China | | |

B. Ibigay ang kahulugan ng bawat isa. Isulat sa *notebook*.

1. UNCTAD
2. ASEAN
3. UN
4. *Third World Countries*
5. Bansang Arabe

### Bigyang pansin at suriin

- Ang pakikipagrelasyon ng Pilipinas sa ibang bansa ay nagbibigay-daan para sa pagkakaroon ng mga hanapbuhay ng maraming kababayang Pilipino (*Overseas Filipino Workers*). Karamihan sa mga bansang ito ay nasa Gitnang Silangan.
- Ang Pilipinas ay nabibilang sa mga bansa na tinatawag na *Third World Countries*, na ang kalagayang pangkabuhayan ay maituturing na papaunlad.
- Tumutulong sa Pilipinas ang bansang maunlad katulad ng United States at Japan.

### Subukan mo

1. Ano ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa mga bansang maunlad at papaunlad?

2. Ibigay mo ang kaibahan ng maunlad na bansa sa bago pa lamang umuunlad na bansa.

### Kaya mo ito!

Gamitin mo ang iyong imahinasyon at isipin na ang Pilipinas ay isang maunlad na bansa. Ilarawan mo ito sa apat o limang pangungusap sa iyong sagutang papel.

## Aralin 35 Kontribusyon ng Pilipinas sa mga Samahang Pangrehiyon at Pandaigdig

### Magsimula ka

Ang Pilipinas ay kabilang sa mga bansang kasapi sa iba't ibang samahang pangrehiyon at pandaigdig.

Alam mo ba kung anu-ano ang mga samahang pangrehiyon at pandaigdig na kinaaaniban ng ating bansa? Alam mo rin ba kung paano nakatutulong ang mga samahang ito sa Pilipinas? Gusto mo bang malaman kung sinu-sino ang mga Pilipinong nanungkulan sa mga samahang panrehiyon at pandaigdig at kung anong tulong ang naibabahagi ng Pilipinas sa mga samahang nabanggit?

### Alamin mo

### Samahang Pangrehiyon

**Association of South East Asian Nations (ASEAN)**


Naitatag sa Bangkok, Thailand ang samahang ito noong Agosto 8, 1967, sa panahon ni dating Pangulong Ferdinand Marcos. Ang mga unang kasapi nito ay Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Brunei. Sumapi rin ang Laos, Cambodia, Myanmar, at Vietnam. Nasa Jakarta, Indonesia ang punong tanggapan nito. Ang mga layunin ng ASEAN ay ang sumusunod:

- Mapabilis ang kaunlarang pangkabuhayan, panlipunan, at pangkultura ng mga kasapi nito;
- Matamo ang kapayapaan, kaunlaran, at kasanayan ng buong rehiyon;
- Gawing Sona ng Kapayapaan, Kalayaan, at walang pinapanigan ang Timog Silangang Asya;
- Makapagtatag ng isang rehiyong matahimik, maunlad, at may matatag na paggalang sa batas; at
- Matamo ang ganap na pagtutulungan ng mga kasapi sa larangan ng kultura, agham, at teknolohiya.

### Kontribusyon ng Pilipinas sa ASEAN

Nakikibahagi ang Pilipinas sa lahat ng mga proyekto ng ASEAN. Dumadalo tayo sa mga taunang pulong at gawain nito. Noong Pebrero 24, 1977 nilagdaan ng Pilipinas sa Maynila ang mga gawaing panlipunan, pang-ekonomiya, at pangkultura na nasa *Preferential Trading Arrangement* at *Declaration of South*

*East Asia as a Zone of Peace, Freedom and Neutrality*, na nilagdaan sa Kuala Lumpur, Malaysia noong Nobyembre 24, 1971, ang *Asian Declaration for Mutual Assistance on Natural Disaster* noong Hunyo 26, 1976, at nakilahok sa *Meeting of Asian Ministers* noong 1984. Pinangasiwaan sa Pilipinas ang *Third Asian Summit Meeting* noong Disyembre 14-15, 1987 sa Philippine International Convention Center (PICC) at sa ASEAN *Tourist Forum* noong Enero 23-28, 1988.



*Mapa ng ASEAN*

Nakatutulong ang ASEAN na mapanatili ang pagkakaunawaan at pagkakaisa ng mga kasaping bansa.

## Samahang Pandaigdig

### United Nations

Ang United Nations (UN) ay ang samahan ng mga nagkakaisang bansa na naitatag noong Oktubre 24, 1945 bunga ng mapait na karanasan sa digmaan. Isa ang Pilipinas sa 50 bansang lumagda sa Karta ng mga Samahan ng mga Nagkakaisang Bansa.

Ang mga layunin ng Nagkakaisang Bansa o UN ay ang sumusunod:

- Panatilihin ang kapayapaan at katiwasayan ng daigdig;
- Linangin ang mabuting pagkakaibigan ng mga bansa;
- Mapagtulungan ang paglutas sa mga suliraning pandaigdig;
- Itaguyod ang paggalang sa karapatan ng tao na walang pinipiling lahi, kasarian, wika, o relihiyon; at
- Maging sentro ng mga gawain ang samahan upang matamo ang mga layunin.

Ang Pilipinas ay nagpatunay na nagmamalasakit ito sa kapayapaan ng mundo. Tumatanggap ito ng pananagutan at gumaganap ng tungkulin. Dahil sa pakikiisang ito ay nahalal si Carlos P. Romulo bilang *Secretary General* ng UN noong 1949. Ang iba pang Pilipinong mapalad na humawak ng mahahalagang tungkulin ay sina:

- Rafael Salas, Direktor para sa mga Gawaing Pampopulasyon ng UN;
- Blas Ople, pangulo ng International Labor Organization;
- Helena Benitez, naging pangulo ng Third Governing Council of United Nations Environmental Program noong 1975 at tagapangulo ng komisyon sa katayuan ng kababaihan;
- Estefania Aldaba Lim, naging pangalawang kalihim ng Pangdaigdigang Taon ng mga Bata;
- Leticia Ramos Shahani, naging pangalawang Kalihim ng Social Development and Humanitarian Affairs; tagapangulo ng komisyon ng UN sa katayuan ng mga kababaihan, at naging pangkalahatang kalihim ng pandaigdig na kapulungan sa dekada ng mga kababaihan; at
- Pangulong Gloria Macapagal Arroyo, kauna-unahang babaeng lider na namuno sa United Nations Security Summit noong Setyembre 14, 2005.


Naging kasapi rin ang Pilipinas sa Pandaigdig na Samahang Pangkalusugan o World Heath Organization (WHO), International Labor Organization (ILO), at Food Agricultural Organization (FAO). Ang mga samahang ito ay nakikipagtulungan sa UN sa paglutas ng mga suliraning pandaigdig. Masigla ring nakilahok ang bansa sa United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO), at sa United Nations Commission on Human Rights (UNCHR). Nakatutulong ang mga organisasyong ito sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga programa ng bansa sa kalusugan at mga karapatang pantao.

Nang buuin at pagtibayin ang International Human Rights Declaration noong Disyembre 10, 1948, nagpadala ang Pilipinas ng kinatawan dito. Isa rin ang Pilipinas sa mga bansang nagtataguyod ng pandaigdig na karangalan at pantay na karapatan ng mga tao na batayan ng kalayaan, katarungan, at kapayapaan sa daigdig. Patuloy na sumusuporta ang pamahalaan ng Pilipinas para labanan ang terorismo at nangyayaring mga kahirapan sa mundo sanhi ng pagkalat ng iba't ibang sakit at kalamidad.

## Isagawa mo

A. Itala ang ilang kontribusyon ng Pilipinas sa ASEAN, isang samahang panrehiyon.
B. Ilista mo ang mga naibabahagi ng Pilipinas sa United Nations, WHO, at ILO.
C. Buuin sa iyong *notebook* ang mga pangungusap.
   1. Si _________ ang naging direktor para sa mga gawaing pampopulasyon ng UN.
   2. Si ______ ay naging pangulo ng kumperensya ng pagdaigdig na samahan sa paggawa.

3. Si _________ ay naging pangulo ng Third Governing Council of United Nations Environmental Program noong 1975 at tagapangulo ng komisyon sa katayuan ng kababaihan.
4. Si _______ ay naging pangalawang kalihim ng Social Development and Humanitarian Affairs at naging pangkalahatang kalihim ng pandaigdig na kapulungan sa dekada ng mga kababaihan.
5. Si ________ ang kauna-unahang babaeng lider na namuno sa UN Security Summit noong Setyembre 14, 2005.



## Bigyang pansin at suriin

- Ang bansang Pilipinas ay nakilala sa buong daigdig dahil sa mga naging mahalagang kontribusyon nito sa mga samahang pangrehiyon at pandaigdig.
- Nakikiisa ang mga Pilipino sa mga layunin at mithiin ng iba't ibang samahan sa mundo para sa kapayapaan at kaunlaran.
- Maraming mga Pilipino ang napiling manungkulan sa UN at nakilala dahil sa kanilang kahusayan at katapatan.
- Maliit man ang isang bansa, ito ay may magagawa sa pakikipag-ugnayan sa ibang bansa.



## Subukan mo

Makatwiran ba ang ginawang pagsapi ng Pilipinas sa ASEAN at sa mga samahang pandaigdig? Ipaliwanag mo.



## Kaya mo ito!

Humanap ka ng limang makakasama mo sa dula-dulaan. Isadula ninyo ang mga bahaging ginampanan nina Carlos P. Romulo, Helena Benitez, Leticia Ramos Shahani, Blas Ople, Rafael Salas, at Estefania Aldaba Lim sa United Nations.

**Paraan:**
1. Gamitin ang libreng oras sa pagsasaliksik sa nagawa ng anim na Pilipino sa United Nations.
2. Gumawa ng *script* ng mga sasabihin at gagawin kasama ang kapangkat.
3. Subuking iarte ang mga gawain at sasabihin ng isa't isa. Magtulungan sa suhestiyon.

**Pamantayan ng pagganap sa dula-dulaan:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | Mahusay o kapanipaniwala | – | 100% |
| 2. | Katamtaman o kasiya-siya | – | 80% |
| 3. | Kailangang pagbutihin | – | 50% |

# Aralin 36 Mga Kabutihang Dulot sa Pilipinas ng Pagsapi sa mga Samahang Pangrehiyon at Pandaigdig

## Magsimula ka

May mahalagang kontribusyon ang Pilipinas sa mga samahang pangrehiyon at pandaigdig. Natuklasan dito ang talino at kahusayan ng ating mga lider na naibahagi sa mga bansang nangangailangan ng mga kasanayan at kahusayan.

May mga kabutihang dulot sa ating bansa ang pagsapi o pakikilahok sa mga gawain ng mga samahang pangrehiyon at pandaigdig. Gusto mo bang malaman ito?

## Alamin mo

### Mga Kabutihang Dulot ng Pagsapi ng Pilipinas sa mga Samahang Pangrehiyon

Ilan sa mga mahahalagang dahilan kung bakit nakikipag-ugnayan ang ating bansa sa mga samahang pangrehiyon ay upang mapabuti ang kapakanan ng bawat bansa at upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan o digmaan.

May mabubuting ibinubunga ang maganda nating pakikitungo sa mga samahang panrehiyon tulad ng East Asian Growth Triangle, ASEAN, Pangkat 77 o mga bansang walang pinapanigan, at MAPHILINDO.

Dahil sa East Asian Growth Triangle na binubuo ng Southern Philippines, Eastern Malaysia, at Brunei, ang alitan sa panig ng Malaysia at Pilipinas na kapwa nag-aangkin sa Sabah ay hindi natuloy. Sa diwa ng kapatiran, ipinahiwatig ng Pilipinas ang pagiging bukas sa paglutas sa mga suliraning kaugnay ng Sabah sa pamamagitan ng mapayapang paraan.

Ang ASEAN ay nakatulong nang mamagitan ito sa anim na bansa sa Asia na umaangkin sa Spratly Islands na matatagpuang malapit sa Palawan, sa katimugang bahagi ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng diplomatikong pamamaraan at pagsisikap ng samahang ito, patuloy na napapanatili ang pagkakaunawaan ng bawat bansa.

Ang pangkat ng Ikatlong Daigdig ay binubuo ng mga bansang papaunlad at walang pinapanigan. Pitumpu't-pito (77) ang kasapi ng samahang ito kasama ang Pilipinas. Dahil sa mabuting relasyon ng isa't isa, napapadali ang mga tulong pangkabuhayan at teknolohiya ng pakikipagkalakalan, palitan ng karunungan, kasanayan, at kultura.

Ang MAPHILINDO ay samahang binubuo ng tatlong bansa: Malaysia, Pilipinas, at Indonesia. Nagkakasundo ang magkakalapit-bansang ito na magtulungan sa paglutas sa mga suliraning pangkabuhayan, pangkalusugan, at pangkultura upang mapataas ang antas ng ekonomiya ng bawat isa.

Dahil sa mga samahang pangrehiyon, natulungan ang Pilipinas sa pangangailangan nito sa mga gamot, kagamitan, at mga pagpapapagawa ng mga nasirang imprastraktura sa panahon ng kalamidad tulad ng bagyo, lindol, baha, at iba pa.

## Kabutihang Dulot ng Pagsapi ng Bansa sa mga Samahang Pandaigdig

May mga kabutihang dulot ang pagsapi ng Pilipinas sa mga samahang pandaigdig. Ilan sa mga ito ay ang sumusunod:

- Naililigtas ang bansa sa kalupitan ng digmaan;
- Naitataguyod ang panlipunang kaunlaran at mabubuting pamantayan ng pamumuhay;
- Nakatatanggap ng tulong pinansyal at tulong kahusayan, gamot, at iba pa sa panahon ng kalamidad at krisis at
- Nabibigyan ng pagkakataon ang mga Pilipino na maglingkod sa iba't ibang ahensya ng United Nations.

Narito ang mga Pilipinong naglingkod at nakilala sa UN at iba pang samahang pandaigdig:

- Geronima Pecson – Kasapi ng Executive Board ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) noong 1952
- Dr. Juan Salcedo – Pangulo ng World Health Organization (WHO) noong 1952
- Miguel Cuaderno – Pinamunuan ang International Monetary Fund (IMF) at World Bank noong 1952
- Felixberto Serrano – Pangulo ng Komisyon sa Karapatang Pantao noong 1959
- Salvador Lopez – Naging UN Rapporteur on the Freedom of Information at namuno sa Sesyon ng Karapatang Pantao noong 1965
- Cesar Bengson – Hukom sa Pandaigdig na Hukuman mula 1967 hanggang 1976
- Dr. Francisco Dy – Rehiyong Patnugot ng World Health Organization
- Cornelio Balmaceda – Namuno sa komiteng nagsaayos ng Asian Development Bank
- Narciso Reyes – Pangulo ng UN Development Program at United Nations Children's Fund (UNICEF) noong 1973
- Luis Moreno Salcedo – Kasapi ng Pangkapulungang Lupon ng UNESCO mula 1974 hanggang 1978
- Domingo Siason – Director General ng UN Industrial Development Organization

## Isagawa mo

Isulat sa sagutang papel ang hinawakang mataas na tungkulin sa United Nations ng mga sumusunod na Pilipino:

1. Miguel Cuaderno
2. Cesar Bengson
3. Felixberto Serrano
4. Salvador Lopez
5. Narciso Reyes

## Bigyang pansin at suriin

- Upang mapanatili ang kapayapaan at kaayusan sa buong mundo, sumapi ang Pilipinas sa iba't ibang samahang pandaigdig.
- Maraming kabutihang dulot sa Pilipinas ang pagsapi nito sa mga samahang pangrehiyon at pandaigdig.
- Nakapagpamalas na ang mga Pilipino ng kakaibang uri ng pakikilahok sa mahahalagang gawain ng ASEAN, UN, at mga ahensiya nito.
- Maipagmamalaki ng Pilipinas ang mga Pilipinong humawak ng matataas na tungkulin sa UN at sa malalayang samahang nakikipagtulungan dito.

## Subukan mo

Sino ang higit na nakikinabang sa pagsapi ng isang bansa sa isang samahan? Ang samahan o ang bansang kasapi? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## Kaya mo ito!

Ang Pilipinas ay nagpadala ng Hukbong Pilipino sa digmaan sa Korea at sa Congo noong 1963 bilang kontribusyon sa UN. Makatwiran ba ang ginawang ito ng ating bansa? Bakit? Isulat ang iyong opinyon sa iyong *notebook*.

Sa pagsagot ito ang patnubay:

1. Makatwiran – nakatulong ang Pilipinas sa mga naaaping Koreano/taga-Congo
2. Hindi makatwiran – maraming pamilya ang nawalan ng ama dahil sa digmaan

Ang puntos depende sa husay ng katwiran:

| | | |
|---|---|---|
| Mahusay | – | 100 puntos |
| Kasiya-siya | – | 80 puntos |
| Mahina | – | 60 puntos |